Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

# Nang Maiwan ang Haligi: Mga Kuwentong Karanasan ng Ilang Single Dad sa Pagharap sa Buhay Bilang Solo-Parent

Mariz S. Autor and Christopher Bryan A. Concha
*De La Salle University, Manila*
*Corresponding Author: mariz_autor@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Sa tulong na rin ng midya, mas nagiging bukas na ang pananaw ng lipunan pagdating sa konsepto at/o sitwasyon ng hindi buong pamilya. Gayon man, kalimitang mas napagtutuunan ng mga palabas ang naratibo ng single mother. Kung mayroon man para sa single dad, kadalasang negatibo ang ipinakikita sa kanilang imahen tulad ng pagiging pabaya o pagkukulang sa pagkalinga sa mga anak. Sa ganitong diwa, nilalayon ng papel na ito na masipat ang naratibo ng mga single dad sa Pilipinas sa pamamagitan ng interbyu. Kinapanayam ng mga mananaliksik ang tatlong single dad na mula sa tatlong magkakaibang kategorya: (a) Unwed o hindi kasal; (b) widowed o biyudo; at (c) annulled o hiwalay sa asawa. Pangunahing naging tuon ng mga interbyu ang pagtalakay sa mga hamon na kinaharap ng mga single dad sa pagyakap ng tungklin bilang solo-parent. Mula rito, ilalahad ng papel ang mga kuwentong karanasan ng mga nakapanayam na single dad batay sa kinapapalooban nilang kategorya. Lumabas sa pag-aaral ang ilan sa mga problemang kinahaharap ng single dad kaugnay ng pagiging isang solo-parent tulad ng kawalan ng katuwang sa buhay, at sabay na pagkayod at pag-aaruga sa mga anak. Sa kabila nito, patuloy nilang pinanghahawakan ang responsibilidad sa anak at sinisikap na magampanan nang mabuti ang tungkulin bilang solo-parent. Bukod pa, lahat din sila ay umaasang makatatagpong muli ng makakasama sa buhay upang mabigyan ang mga anak ng buong pamilya.

**Mga Susing Salita:** Single dad; single father; solo-parent; kuwentong karanasan;

## 1. PANIMULA

Kapansin-pansin ang tumataas na bilang ng mga tinatawag na Solo-parent sa Pilipinas. Sa ginawang pag-aaral nina Cruz, et. al. (2014), lumalabas na single-parents ang labing-limang porsyento ng kabuuang populasyon ng Pilipinas. Sa tulong na rin ng midya, mas nagiging bukas na ang pananaw ng lipunan pagdating sa konsepto at/o sitwasyon ng hindi buo o kulang na pamilya kung ikukumpara noon. Gayon man, mas napagtutuunan ng pansin sa mga telenobela at pelikula ang paglalahad sa naratibo ng mga single mother.

Kalimitang itinatanghal ng mga palabas na ito tulad ng Mano Po 6: A Mother's Love (2009), ang pagsusumikap ng isang ina sa mairaos ang kaniyang pamilya sa kabila ng kawalan ng katuwang sa buhay. Sa kabilang banda, hindi naman ganoon nabibigyang-pansin ang kuwento ng mga solo-parent na lalaki. Kung mayroon man, kadalasang negatibo pa ang ipinakikita tulad ng kakulangan sa pagbibigay ng emosyonal na kalinga at/o suporta sa mga anak. Nailalarawan pa rin ang imahen ng mga single dad bilang mga part-time o pangalawang magulang lamang (Cruz, et. a., p. 6).

Tinatawag ng karamihan sa mga lalaki ang kanilang sarili bilang "single father", nasa kanila man o wala ang kustodiya ng mga anak. Ginamit ng label ang terminong "single father" sa halos lahat ng lalaking kabilang sa status na ito kahit ano pa ang dahilan ng kanilang pagiging single dad (Gutierrez at Tabuena, 1997). Tinukoy sa kanilang pananaliksik na ang pagiging single father ay isang palipunang penomenon, hindi lamang sa mga karansan ngunit maging ang pagbibigay mismo ng kahulugan sa terminong ito. Batay sa mga nasipat na kaugnay na literatura, mayroong apat na kategorya ang pagiging isang single dad. Unwed parents o mga hindi kasal na magulang ang tawag sa unang kategorya. Sila ang mga single dad na nagkaroon ng anak sa pagkabinata. Tinawatag namang widowed o biyudo ang ikalawang kategorya. Sapilitan nilang niyayakap ang buhay solo-parent dahil sa pagkamatay ng kanilang kabiyak. Bukod sa hamon na buhayin ang pamilya nang mag-isa, kalimitan ding nilang hinaharap ang pangungulila sa pagkamatay ng asawa. Ikatlo naman ang adoptive parents o mga nag-ampon. Ilan sa mga maaaring rason sa likod nito ay: walang interes sa babae; homosekswal; at may hindi magandang karanasan at/o pagtingin sa konsepto ng kasal. Minarapat na kumpkop ng anak upang magkaroon ng kasama sa buhay (Go, Tan, Go, 1986). Resulta naman ng pakikipaghiwalay sa asawa ang ikaapat na kategorya. Sila ang mga single dad hiniwalayan o iniwan ng kanilang mga kabiyak. Isa sa malaking suliranin na kinahaharap ng mga single dad na nasa kategoryang ito ang pagbuo ng bagong pamilya sapagkat hindi pa annulled o divorce sa asawa (Porter at Chatelain, 1981).

Bagama't may mga pag-aaral nang naisagawa tungkol sa single dad sa kabuuan, nananatili pa ring kakaunti ang korpus ng mga pananaliksik na tumatalakay sa lokal na danas nito. Bukod sa hindi ganoong napag-uusapan ang kanilang karanasan, wala pang malinaw na pagtalakay ukol sa kanilang gampanin bilang solo-parent. Sa ganitong diwa, may pagtatangka ang papel-pananaliksik na ito na masipat ang hamong kinakaharap ng mga single dad sa Pilipinas. Bukod pa, nais din ng pag-aaral na matukoy ang mga gampanin na kanilang niyayakap bilang solo-parent at kung paanong naiiba ito sa mga papel na ginagampanan ng mga single mom.

## 2. METODOLOHIYA

Batay sa apat na kategoryang inilahad, humanap at kinapanayam ng mga mananaliksik ang apat na single dad na: (a) unwed o hindi kasal (b) widowed o biyudo (c) adaptive parent o nag-ampon (d) separated o hiwalay sa asawa. Sinikap ng papel na magkaroon ng representasyon sa bawat kategorya upang masakop ang kuwento at danas ng iba't ibang uri ng single dad. Gayon man, kinulang na sa panahon at hindi na nakahanap ng maaaring makapanayam para sa kategorya ng adaptive parent o nag-ampon. Bukod pa, pinili rin ng mga nakapanayam na itago ang kanilang tunay na identidad para na rin sa kapakanan ng kanilang pamilya.

Pangunahing naging tuon ng mga interbyu ang pagtalakay sa mga hamon na kinaharap ng mga single dad sa pagyakap ng tungklin bilang solo-parent. Paano nila hinarap ang sitwasyon nang walang katuwang sa buhay? Ano-ano ang mga pag-aangkop na kanilang ginawa? Ano-ano ang mga hamon sa pagpapalaki ng mga anak nang mag-isa? Bukod dito, naging tuon din ng mga panayam ang pagtukoy sa mga papel na ginagampanan ng mga single dad. Mula rito, inilahad ng papel ang mga kuwentong karanasan ng mga nakapanayam na single dad batay sa kinapapalooban nilang kategorya.

Ginamit sa pananaliksik ang Role Theory ni Biddle (1986). Tinatalakay nito ang mga gampamin sa pamamagitan ng pagpapapalagay na ang mga tao ay miyembro o kabilang sa mga posisyon sa lipunan at may mga inaasahang asal sa sarili at sa ibang tao. Sinasaklaw nito ang isa sa mahahahalagang katangian ng pangkaasalang sosyal – ang katotohanang ang isang indibidwal ay kumikilos sa iba't iba at inaasahang paraan na batay sa kanilang identidad at sitwasyon sa lipunan.

Thus, role theory may be said to concern

itself with a triad of concepts: patterned characteristic social behaviors, parts or identities that are assumed by social participants, and scripts or expectations for behavior that are understood by all and adhered by performers (Biddle, 68).

Mayroong apat na konsepto ang nabuo mula sa role theory; conformity, consensus, role conflict at role taking. Partikular na ginamit sa papel ang role conflict. Ayon kay Biddle (1986), may dalawa o higit pa na hindi magkakatugma ngunit magkakasabay na inaasahang makita sa kilos ng isang tao. Mula sa ilang kaugnay na pag-aaral at literatura, kadalasang naiuugnay ang role conflict sa konteksto ng stress. Nahihirapan ang isang indibidwal sa pagganap ng kanyang mga gampanin dahil na rin sa kakulangan ng kasanayan o kaya naman sa hindi pagkakatugma sa pagitan ng mga inaasahang kilos at sa kanyang personal na katangian. Kasama na rito ang role ambiguity, role malintegration, role discontuinity at role overload. Pawang ang mga nabanggit ay nagdudulot ng stress.

## 3. PAGTALAKAY SA DATOS

### *Gil, 48 taong gulang, biyudo*

Nagtapos ng arkitektura ang 48 taong gulang na si Gil. Nagsimula ang kaniyang pagiging single dad nang mamatay ang asawa, tatlong taon na ang nakalilipas. Nagtatrabaho siya noon sa Saudi Arabia nang maaga silang iwan ng kaniyang kabiyak. Naiwan sa kaniyang pangangalaga ang kanilang dalawang anak, ang babaeng panganay na 18 taong gulang at bunsong lalaki na 14 taong gulang.

Batay sa naging panayam kay Gil, isa sa naging hamon para sa kaniya bilang solo-parent ang pagpapalaki sa kaniyang anak na babae. Nasanay siyang palaging ang asawa ang tumutugon sa pangangailangan ng kanilang anak, personal man o para sa eskuwela. Hinahanap niya ang katuwang na tumutulong sa kaniya upang magpasiya para sa pamilya. Sa halip na ang pagkayod lamang para sa anak ang kaniyang iniisip, kinakailangan na rin niyang saluhin ang ibang tungkulin tulad ng mga gawain sa bahay o pagpunta sa mga aktibidad ng anak.

Pagdating naman sa mga gawain sa loob ng bahay, hindi niya iniaasa sa mga anak ang mga gawaing pambahay. Bagama't nagtatrabaho, inaako pa rin niya ang responsibilidad ng paglalaba, pagluluto at pamimili sa grocery. Hindi niya gustong ipasa ang tungkulin sa mga anak kahit mag-isa na lamang siya. Bukod pa, mas nais niyang magpokus sa mga gawain sa paaralan ang mga bata.

Inamin din ni Gil na kahit ilang taon na ang lumipas, nakararamdam pa rin siya ng kalungkutan dahil sa pagkawala ng asawa. Maliban sa pagtanggap sa mga responsibilidad bilang solo-parent, naging malaking hamon para sa kaniya ang labanan ang lungkot ng pag-iisa. Hindi na siya nagkaroon ng sapat na panahon upang iproseso ang lahat sapagkat kinakailangan na niyang tugunan ang responsibilidad sa mga anak. Hindi siya maaaring magpalamon sa kaniyang emosyon sapagkat siya lamang din ang inaasahan ng kaniyang mga anak.

Bukod sa pagyakap sa mga bagong responsibilidad at pagharap sa buhay nang wala ang asawa naging hamon din para kay Gil ang pangangasiwa sa oras. Hindi man niya gustuhin, may mga pagkakataong nagtutunggali ang oras niya sa trabaho at sa tungkulin sa mga anak. Kung kaya, mayroon siyang pangamba na hindi niya nasisiguradong lumalaki nang maayos ang mga anak.

### *Sam, 40 taong gulang, hindi kasal*

Isang halimbawa si Sam sa tinatawag natin sa konteksto ng pamilyang Pilipino na nagkaroon ng anak sa pagkabinata. Nagkaroon siya ng karelasyon noon na nagbunga ng isang supling na babae. Apat na taon silang nagsama ng kaniyang partner sa iisang bubong, bagama't madalas din siyang umaalis para magtrabaho sa Maynila. Bunsod na rin ng pagiging malayo sa isa't isa, nagkaroon sila ng mga hindi pagkakaunawaan. Bukod pa, isa rin sa madalas nilang pag-awayan ang usapin tungkol sa pera. Dahil dito, napagkasunduan nilang maghiwalay at maiwan sa kaniyang pangangalaga ang anak. 27 taong gulang lamang siya noon nang yakapin ang tungkulin bilang isang solo-parent.

Para kay Sam, mas mabuti na lang maghiwalay sila ng kaniyang partner sa halip na patuloy na pahirapan ang isa't isa dahil sa hindi matapos-tapos na pag-aaway. Nagkaroon sila ng kasunduan na tatapusin na nila ang kanilang relasyon at maiiwan sa kaniyang pangangalaga

ang kanilang anak. Kapalit nito, tutulungan ni Sam ang dating partner na makapunta ng Japan upang makapagtrabaho roon. Gayon man, bigla na lamang nawala ang kaniyang dating partner at hindi na nila muling nakita.

Nang maghiwalay sila ng kaniyang dating kinakasama, iniwan muna niya sa kaniyang ina sa Bicol ang anak. Nanirahan doon ang kaniyang anak sa loob ng halos pitong taon. Matapos nito, bumalik sa kaniya ang pangangalaga sa anak. Sa simula, aminado si Sam na nabigla siya sa bigat ng trabaho ng pagiging isang solo-parent. Doble-kayod siya sapagkat bukod sa pagtatrabaho bilang welder, siya rin ang umaako sa mga gawaing bahay. Dalawa lamang sila sa bahay sapagkat simula nang maghiwalay sila ng kaniyang dating partner, hindi rin siya nagkaroon ng bagong kasintahan.

Hinahatid niya ang kaniyang anak sa eskuwelahan araw-araw bago pumasok sa kaniyang trabaho. Aalis sila ng 6:30 am sa bahay at didiretso sa kaniyang trabaho para sa kaniyang 8:00 am duty. Pagkauwi naman ng hapon, bagama't aminadong pagod sa trabaho, wala na siyang oras para makapagpahinga sapagkat kinakailangan naman niyang ihanda ang kanilang hapunan.

Bukod sa pagwe-welding, namamasada rin siya ng tricycle sa tuwing walang tanggap mula sa construction. Bunsod na rin ng pagsisikap, nakapagpatayo siya ng kaniyang sariling maliit na talyer sa kanilang barangay. Dahil dito, bukod sa pangangailangan nila ng anak, nakapagbibigay rin siya ng pera sa kaniyang magulang. Kung may maituturing man siyang mas malaking hamon, iyon ay hindi ang pagkayod para sa pamilya kundi ang pagtitiyak na napapalaki niya nang maayos ang kaniyang nag-iisang anak. May mga pagkakataong nahihirapan siyang isingit sa kaniyang iskedyul ang paghingi ng tulong ng kaniyang anak para sa proyekto sa paaralan. Bagama't nahihirapan sa kaniyang sitwasyon bilang solo-parent, lubos pa rin niyang ipinagpapasalamat sa Diyos ang buhay ng kaniyang anak. Sa kaniyang paliwanag:

> Isa pa, ang katuwiran ko kasi, hindi na baleng walang asawa, basta may anak. At least, may mag-aalaga sa akin pagtanda ko. (Sam, 2019)

Kung kaya, madalas niyang pinaghihigpitan ang anak lalo pa't babae ito. Hindi niya kakayanin na may mangyaring masama sa kaniyang nag-iisang anak. Dahil sa karanasang ito, napatunayan niya, lalo na sa kaniyang ibang kaanak na kaya nila ng kaniyang anak na mabuhay, kahit dalawa lamang sila. Kung darating man ang panahon na may muli siyang makakasama sa buhay, hindi siya magdadalawang-isip na tanggapin ito. Gayon man, mas gusto niyang magpokus ngayon sa pagpapalaki sa kaniyang anak.

*Ryan, 39 taong gulang, hiwalay sa asawa*

Pumapasok sa isang Information Technology (IT) company ang 39 taong gulang na si Ryan. Limang taon na ang nakalilipas nang yakapin niya ang tungkulin bilang solo-parent. Nagpasya sila ng kaniyang dating asawa na maghiwalay at magkaroon ng shared custody sa kanilang limang taong gulang na anak. Batay sa napagkasunduan, Mapupunta sa pangangalaga ng kaniyang asawa ang kanilang anak tuwing Lunes hanggang Huwebes. Samantala, sa kaniya naman mananatili ang anak tuwing Biyernes hanggang Linggo.

Noong unang mga taon, masasabi ni Ryan na komplikado ang kanilang sitwasyon. Masyadong mapait ang kanilang naging paghihiwalay. May pagkakataon na nahuli lamang siya ng isang minuto sa napagkasunduang oras upang ihatid ang anak, galit na galit na agad sa kaniya ang dating kabiyak. Bukod pa, malaking hamon din para sa kaniya na ipaliwanag sa anak ang nangyari sa kanilang mag-asawa. Hindi nawawala ang iyakan sa tuwing mahihiwalay sa kaniya ang bata.

Kung ikukumpara niya ang ayos ng kanilang pamiyla noon at ngayon, masasabi ni Ryan na wala namang ganoong pagbabago. Patuloy pa rin ang pagbibigay niya ng sustento sa anak. Gayunpaman, ang tanging pinagkaiba lamang, hindi na niya palaging nakakasama ang anak. Kahit may mga oras na nangungulila na siya sa anak at gustong-gusto na niyang makita ito, wala siyang magagawa kundi hintayin ang araw na nakalaan sa kaniya batay sa napagkasunduang shared custody. Aminado rin si Ryan na nahihirapan siya pagdating sa pagdedesisyon para sa anak. Bagama't binibigyan siya ng pagkakataong makapagbigay ng mungkahi, nasa kamay pa rin ng kaniyang asawa at in-laws ang huling pasya.

Ayon kay Ryan, mahirap para sa kaniyang malagay sa sitwasyong ito. Napakaraming oportunidad na siyang pinalagpas dahil palagi niyang iniisip ang kapakanan ng anak. Hindi niya gustong lumaki ang anak sa konsepto ng *broken family*. Kaya naman, kung aalukin man siya ng dating asawa na magsamang muli, hindi niya ito tatanggihan. Sa kaniyang pananaw:

> Tulad nga ng sabi ko, masakit para sa akin na makitang lumalaki sa isang broken family ang anak ko. Kung ang pagsasama naming muli ang makapagpapasaya sa anak ko, then go. But it doesn't necessarily mean na mahal ko pa ang asawa ko. Just for the sake of the happiness of our child. (Ryan, 2019)

Sa katunayan, may isang pagkakataon na lumapit sa kaniya ang anak at ipinakita ang isang dibuho na ginawa nila sa klase. Nakaguhit dito ang pamilya ng kaniyang dating asawa (lolo, lola, pinsan, at tiyahin), ngunit hindi siya kasama. Sa kaniyang palagay, itinuturing siya ng kaniyang anak bilang ama pero hindi bilang isang pamilya. Sa madaling sabi, ang itinuturing na pamilya ng kaniyang anak ay ang pamilya ng kaniyang dating asawa.

## 4. PAGLALAGOM

Lumabas sa pag-aaral ang ilan sa mga problemang kinahaharap ng single dad kaugnay ng pagiging isang solo-parent tulad ng kawalan ng katuwang sa buhay, at sabay na pagkayod at pag-aaruga sa mga anak. Sa kabila nito, patuloy nilang pinanghahawakan ang responsibilidad sa anak at sinisikap na magampanan nang mabuti ang tungkulin bilang solo-parent.

Nasipat na nakararanas ng role conflict ang mga nakapanayam na single dad. Nahihirapan sila sa mga gampanin at tungkulin ng isang solo-parent dahil sa kakulangan nila sa kasanayan na pagsabayin ang dalawa o higit pang mga gampanin (pagiging ama at ina sa mga anak). May mga gawain na hindi umuugnay sa kanilang personal na katangian bilang isang ama tulad ng pagbibigay ng kalinga at emosyonal na gabay sa mga anak. Tumutugon din sa konsepto ng role overload ang pagiging single dad. Inilalarawan nito na hindi napangangatawanan ng isang indibidwal ang mga inaasahang kilos dahil na rin sa hindi ito magkakatugma. Sapagkat nasanay ang isang ama na palaging siya ang kumakayod para sa pamilya, nagkaroon ng ilang problema sa kung paano pagsasabayin ang mga gawaing bahay at paghahanapbuhay.

Nasipat din na mas nagkaroon sila ng postibong pananaw at disposisyon sa buhay. Bagamat sa usapin ng pag-aasawa o sa kasal, bahagyang nabago ang kanilang pagtingin dahil na rin sa naging karanasan, ngunit hindi nito gaanong naapektuhan ang pakikipag-ugnayan nila sa ibang tao. Mahalaga rin ang usapin ng 'pagtanggap' sa kasalukuyang estado upang makapagpatuloy sa buhay. Hindi rin nila gaanong tintingnan na malaking dagok sa karera ang pagiging single dad. Sapagkat maayos pa rin nilang nagagampanan ang kanilang papel bilang ama gayundin ang maging ina sa tahanan.

## 5. SANGGUNIAN

Aquino, G. (2018, October 28). Personal Interview.

Leonardo, S. (2018, October 28). Phone Interview.

Onia, R. (2019, October 30). Personal Interview.

Cruz, P., Savillo, Elizabeth, Umali & Jeremine. "Lone Dads: A Documentary about Single Fathers Raising Daughters in Motherless Homes" DLSU-Manila 2014.

Gutierrez, Alexandra., Tabuena, Marie & Therese. "The Single Father Experience: An Exploratory Study." DLSU-Manila. 1997.

Biddle, B.J. "Recent Developments in Role Theory" Annual Reviews Inc. 1986. Retrieved http://www2.ece.ohio-state.edu/~passino/RoleTheory-Biddle-1986.pdf